8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay- Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin
1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 2: Linggo 1**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Rizza Capangyarihan Cortez (Pasay City West High School)
- Norvin C. Aquerido (Emilio Jacinto National High School)

**Tagasuri:**

- Ma.Victoria Culminas-Colis,Phd (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN / IKALAWANG KUWARTER / ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismo sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng mungkahing solusyon sa mga napapanahong isyung may kaugnayan sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>Natatalakay ang mahahalagang pangyayari noong ika-15 at ika-16 siglo bago ang panahon ng paggalugad ng mga lupain<br>1.Natatalakay ang mga mahahalagang pangyayari sa Pagsasara ng Constantinople,Renaissance,Repormasyon at Kontra Repormasyon.<br>2.Nasusuri ang naging naging epekto ng mga pangyayaring ito sa larangan ng Lipunan,Ekonomiya at Pulitika.<br>3.Naiisa isa ang implikasyon ng mga kaganapan na ito sa pamumuhay ng mga tao sa kasalukuyan. |
| **C. Nilalaman** | Mahahalagang Pangyayari sa Daigdig noong Ika-15 at Ika 16 Siglo<br>1. Pagsasara ng Constantinople<br>2. Renaissance<br>3. Repormasyon<br>4. Kontra-Repormasyon |
| **D. Integrasyon** | Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago (Time, Continuity, and Change)<br>Kapangyarihan, Awtoridad, at Pamamahala (Power, Authority, and Governance) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Cartwright, M., & D, D. (2024, April 29). *1453: The Fall of Constantinople*. World History Encyclopedia. https://www.worldhistory.org/article/1180/1453-the-fall-of-constantinople/<br>Hudson, M. (2019, August 29). *Fall of Constantinople \| Facts, Summary, & Significance*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Fall-of-Constantinople-1453<br>Onion, A. (2023, August 11). *Renaissance Period: Timeline, Art & Facts*. HISTORY. https://www.history.com/topics/renaissance/renaissance<br>Onion, A. (2019, April 11). *The Reformation*. HISTORY. https://www.history.com/topics/religion/reformation<br>*Reformation \| Key Facts*. (n.d.). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/summary/Reformation-Key-Facts<br>*Renaissance \| Definition, Meaning, History, Artists, Art, & Facts*. (2024, April 19). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Renaissance |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-Aral (FILL IN THE MISSING WORD)**<br>Sa bahagi na ito para lubusan maunawaan ang tinalakay noong nakaraan ay Isusulat ng mga mag-aaral ang mga nawawalang letra upang mabuo ang konsepto.<br>1.Itinuturing na ikalawa sa pinakamalaking relihiyon sa mundo.<br>[ ] [ S ] [ ] [ A ] [ M ]<br>2.Ito ang pinakamatangdang relihiyon sa mundo.<br>[ J ] [ ] [ D ] [ A ] [ ] [ S ] [ ] [ O ]<br>3.Ito ay may paniniwalang nakapokus sa tamang paraan ng pamumuhay at *ethical teaching*.<br>[ C ] [ ] [ N ] [ F ] [ ] [ C ] [ I ] [ ] [ N ] [ I ] [ ] [ M ] [ O ]<br>4.Ito ay nangangahulugang *"daan o kaparaanan ng Diyos"*<br>[ S ] [ ] [ I ] [ N ] [ T ] [ ] [ I ] [ S ] [ M ] [ ]<br>5.Ito ay ang pangunahing relihiyon sa India na mga Aryan ang unang tribong sumampalataya sa relihiyong ito. | KASAGUTAN<br>**1.ISLAM**<br>**2.JUDAISMO**<br>**3.CONFUCIANISMO**<br>**4.SHINTOISMO**<br>**5.HINDUISMO**<br>**6.BUDDHISM**<br>**7.KRISTIYANISMO** |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table><tr><td>H</td><td>I</td><td></td><td>D</td><td></td><td>I</td><td>S</td><td></td><td>O</td></tr></table>
6.Ito ang relihiyon na itinatag ni Gautama Buddha
<table><tr><td>B</td><td></td><td>D</td><td>D</td><td>H</td><td></td><td></td><td></td></tr></table>
7.Ito ay ang relihiyon na nagmula sa Judaismo.
<table><tr><td>K</td><td></td><td>I</td><td>S</td><td></td><td>I</td><td>Y</td><td></td><td>N</td><td></td><td>S</td><td>M</td><td></td></tr></table>
<br>
Matapos mabuo ang mga konsepto ay magkakaroon ng talakayan sa klase gamit ang mga sumusunod na pamprosesong katanungan:<br>
1. Ano ang kinalaman ng mga salitang nabuo sa nakaraang talakayan?<br>
2. Ano ang naging papel ng relihiyon sa pagkabuo ng pamumuhay ng mga sinaunang kabihasnan?<br>
3. Paano ipapakita ang pagpapahalaga at pagrespeto sa relihyon ng bawat isa sa kasalukuyan?
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin (SURI-PINTA).<br>
Sa bahagi na ito ay hahayaan natin suriin ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na larawan na may kinalaman sa aralin. Magpapakita ang guro ng mga larawan magbibigay ng opinyon ang mga mag-aaral sa ano ang kanilang reaksyon sa larawan.<br>
<br>
Monalisa, Leonardo da Vinci (1503)<br>
https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Da_Vinci%27s_Mona_Lisa_with_original_colors_approximation.jpg
</td>
<td>Hayaan ang mga mag-aaral na magbigay ng opinyon sa mga larawan. Inaasahan na karamihan sa kanila ay alam na ang mga larawan na ito kaya ito ang magiging “spring board” sa paglinang ng kanilang kaalaman na ipakita kung bakit mahalaga ito malaman at pag-aralan. Gamitin ang mga pamprosesong katanungan para mapalalim ang talakayan.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>



The Creation of Adam, Michelangelo (1512)
https://itoldya420.getarchive.net/media/michelangelo-creation-of-adam-cropped-544ee6



The School of Athens, Raphael (1509-1511)
https://commons.wikimedia.org/wiki/File:School-of-athens2.jpg

Matapos ay magkakaroon ng malayang talakayan gamit ang mga inihandang katanungan:

1. Ano ang iyong masasabi sa kanilang mga obra maestra?
2. Ano ang kadalasan tema ng kanilang mga pininta noon?
3. Bakit mahalaga na malaman natin ang mga ganitong kaganapan sa kasalukuyan?

**2.Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin (FLASH CARDS)**

Magpapakita ng flashcards ang guro kung saan ay nakalagay ang mga sumusunod na pahayag. Tutukuyin ng mga mag-aaral ang konsepto na tumutukoy doon gamit ang binigay na clue na nasa flascards.

</td>
<td>

Sagot:

1. KRUSADA
2. HUMANISMO
3. MISYONERO
4. INQUISITION
5. KLASIKAL
6. REPORMASYON


</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Banal na pakikidigma na inilunsad ng mga Kristiyanismo upang bawiin ang Jerusalem. ***(7 letters, nagsisimula sa K)***<br>2. Isang mahalagang konsepto na nagbibigay-diin sa halaga ng tao at kanyang kahusayan.Ito ay isang pananaw na nagmumula sa Latin na salita na “humanitas”. ***(9 letters, nagsisimula sa H)***<br>3. Mga tao na inatasang magpalaganap ng isang misyong panrelihiyon. ***(9 letters, nagsisimula sa M)***<br>4. Pamamaraang panghukuman nakalaunan ay naging institusyon upang supilin ang mga kalaban ng simbahan. ***(11 letters, nagsisimula sa I)***<br>5. Pag-aaral ng mga dating kultura ng sinaunang Gresya at Romano. ***(8 letters, starting with K)***<br>6. Hango sa salitang, "reform" na nangangahulugang "pagbabago." ***(11 letters, nagsisimula sa R)*** | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1:Pagbagsak ng Constantinople**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unanwa (SURI-BASA)**<br>Babasahin ng mga mag-aaral ang isang teksto na binigay ng guro. Matapos ay hahatiin niya sa limang pangkat para iproseso ang kanilang binasa gamit ang inihandang graphic organizer ng guro.<br>Ang pagbagsak ng Constantinople, na kilala rin bilang ang pananakop ng Constantinople, ay ang pagkuha ng kabisera ng Byzantine Empire ng Ottoman Empire .Ang lungsod ay nakuha noong 29 Mayo 1453 bilang bahagi ng pagtatapos ng 53-araw na pagkubkob na nagsimula noong 6 Abril.Ang umaatakeng Ottoman Army, na higit na nalampasan ang mga tagapagtanggol ng Constantinople, ay pinamunuan ng 21-taong-gulang na Sultan Mehmed II (na kalaunan ay binansagan na "ang Mananakop"), habang ang hukbong Byzantine ay pinamunuan ni Emperor Constantine XI .Matapos masakop ang lungsod, ginawa ni Mehmed II ang Constantinople na bagong kabisera ng Ottoman, na pinalitan ang Adrianople.Ang pananakop ng Constantinople at ang pagbagsak ng Byzantine | Inaasahan na magkakaroon ng iba’t ibang sagot ang mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaunawa sa teksto. Maari ipaliwanag muna ng guro kung ano ba ang Constantinople at ano meron dito bago ipabasa ang teksto.<br><br>Palalimin ang talakayan gamit ang inihandang graphic organizer.<br><br>Bago muna ito ituro siguraduhin alam kung ano ang Constantinople at paano |

Empire ay isang watershed ng Late Middle Ages, na minarkahan ang epektibong pagtatapos ng huling labi ng Roman Empire, isang estado na nagsimula noong humigit-kumulang 27 BCE at tumagal ng halos 1500 taon.Sa maraming modernong istoryador, ang pagbagsak ng Constantinople ay itinuturing na pagtatapos ng medyebal na panahon. Ang pagbagsak ng lungsod ay tumayo rin bilang isang pagbabago sa kasaysayan ng militar.Mula noong sinaunang panahon, ang mga lungsod at kastilyo ay umaasa sa mga ramparts at mga pader upang maitaboy ang mga mananakop.Ang Mga Pader ng Constantinople, lalo na ang Theodosian Walls, ay ilan sa mga pinaka-advansive na sistema ng pagtatanggol sa mundo noong panahong iyon.Ang mga kuta na ito ay nagtagumpay sa paggamit ng pulbura, partikular sa anyo ng malalaking kanyon at bombard, na nagbabadya ng pagbabago sa pakikipagdigma sa pagkubkob.

Sanggunian:

- https://www.worldhistory.org/article/1180/1453-the-fall-of-constantinople/
- https://history-maps.com/tl/story/Byzantine-Empire-Palaiologos-dynasty




Matapos ay gamit ang mga nagawang graphic organizers ng bawat pangkat, iproproseso ito ng guro para matalakay ang pagbagsak sa Constantinople at implikasyon nito sa ating daigdig.

**IKALAWANG ARAW**

**A. Pinatnubayang Pagsasanay (WHAT'S HAPPENING?)**

Inaasahan na nalaman na ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagsasara ng Constantinople sa paghubog ng mga kaganapan sa kasaysayan. Sa gawain na ito

ito nabuo at ano ang relasyon nito sa mga nakaraang aralin. Ito ang sanggunian na maaring basahin:

Hudson, M. (2019, August 29). *Fall of Constantinople | Facts, Summary, & Significance*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Fall-of-Constantinople-1453

SAGOT:

1. B
2. A
3. A

ay magbibigay ng dalawang sitwasyon at kailangan hulaan ng mga mag-aaral ang totoong nangyari batay sa naging talakayan noong unang araw.

| A | B |
|---|---|
| 1. Ang Constantinople ay bahagi ng lungsod estado ng Sparta kung saan ay naniniwala sila sa Kristiyanismo. | 1. Ang Constantinople ay naging bahagi ng Imperyong Romano bago ito humiwalay sa Rome nang bumagsak ito. |
| 2. Pinabagsak ng mga Ottoman Turks ang Constantinople sa pangunguna ni Mehmed II | 2. Nasakop ang Constantinople ng mga Turkong Muslim noong 1521. |
| 3. Ang pagbagsak ng Constantinople ang naging hudyat sa pagtatapos ng Medieval Period. | 3. Ang pagbagsak ng Constantinople ay siyang pagsisimula ng Imperyong Ottoman. |
| 4. Lalo naghirap ang mga Europeo nang masakop ng mga Ottoman Turks ang Constantinople. | 4. Naging daan ang pagbagsak ng Constantinople sa pag-unlad ng mga bayan at lungsod sa Italya lalo na sa Florence. |

4. B



**B. Paglalapat at Pag-uugnay (SALAMAT, CONSTANTINOPLE)**

Naunawaan na malaki ang naiambag ng Constantinople sa kasaysayan ng daigdig. Ngayon ay ang mga mag-aaral ay kinakailangan bumuo ng isang liham pasasalamat sa lungsod ng Constantinople sa naging papel niya sa ating kasaysayan.

**Kaugnay na Paksa #2: Renaissance**


**A. Pagproseso ng Pag-unawa (SURI-VIDEO)**

Sa bahagi na ito ay layunin na palalimin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa "renaissance" sa pamamagitan ng gawain na ito. Ang mga mag-aaral ay manonood ng isang video tungkol sa "renaissance". Matapos ay hahatiin ang klase sa limang pangkat at i-pro-proseso ang napanood sa video gamit ang inihandang organization chart.

Inaasahan na magkakaiba ang mga sagot ng mga mag-aaral depende sa kanilang pagkakaunawa sa aralin. Mahalaga dito na maipakita ng mga mag-aaral ang naging papel ng Constantinople sa pag-usbong ng Renaissance at pagbukas ng iba't ibang kaisipan. Palalimin ang talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong sa klase.



Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=6DhaGe1DvsY




**IKATLONG ARAW**

**A. Pinatnubayang Pagsasanay (FACT OR BLUFF)**

Sa bahagi na ito, ang mga mag-aaral ay sasagot ng "FACT" kung ang pahayag ay totoo at "BLUFF" kung ang pahayag ay mali. Matapos ay ipapaliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang mga kasagutan.

__________1. Ang kahulugan ng Renaissance ay "reincarnate".

__________2. Sa Venice, Italy nagsimula ang renaissance dahil sa pakikipagkalakalan nito sa Ottoman Empire.

__________3. Ang mga naging akda nila Desiderius Erasmus, Francesco Petrarch at Dante Alighieri ang naging daan para mapalaganap ang kaisipang humanismo.

__________4. Muling binuhay ang kultura ng Griyego at Romano sa panahon ng Renaissance.

__________5. Ang pamilyang Medici ang naging dahilan kung bakit unti-unti nawalan ng trabaho ang mga pintor tulad ni Da Vinci at Michelangelo.


Inaasahan na magkakaroon ng iba't ibang sagot ang mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaunawa sa teksto. Maari ipaliwanag muna ng guro kung ano ba ang Renaissance, saan ito nagsimula at ang kahulugan nito bago ipanood ang video.

Palalimin ang talakayan gamit ang inihandang graphic organizer.

SAGOT:
1. BLUFF
2. BLUFF
3. FACT
4. FACT
5. BLUFF

**B. Paglalapat at Pag-uugnay (SALIKSIK SURI)**

Ngayon ay may ideya na ang mga mag-aaral sa Renaissance, kailangan nila maunawaan kung ano ang epekto nito sa kasalukuyan. Pipili ang mga mag-aaral ng isa sa mga naging imbensyon ng mga kilalang imbentor sa panahon ng Renaissance.Ilahad ang naging kahalagahan ng mga imbensyon na ito noon at paano ito nakakatulong sa kasalukuyan gamit ang inihandang "graphic organizer"



Inaasahan na magkakaiba ang mga sagot ng mga mag-aaral depende sa kanilang pagkakaunawa sa aralin. Palalimin ang talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong sa klase.

**Kaugnay na Paksa #3: Repormasyon at Kontra Repormasyon**

**A. Pagproseso ng Pag-unawa (COMPARE AND CONTRAST)**

Mahalaga maunawaan ng mga mag-aaral ang naging epekto ng renaissance lalo na sa pagtatanong sa kanilang mga paniniwala. Ang mga mag-aaral ay manonood ng mga bidyo tungkol sa Repormasyon at Kontra- Repormasyon.


Repormasyon:

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=IATyzSAjC1w

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=MHDAZRPydRY

Matapos ay susuriin nila ang mga napanood gamit ang isang "graphic organizer" na naghahalintulad at nagkukumpara sa dalawang pagkilos na naganap.

Inaasahan na magkakaroon ng iba't ibang sagot ang mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaunawa sa teksto. Maari ipaliwanag muna ng guro kung ano ba ang Reformation, saan ito nagsimula at ang kahulugan nito bago ipanood ang video. Palalimin ang talakayan gamit ang inihandang graphic organizer.




Matapos ay iproproseso ng guro ang sagot ng klase sa pamamagitan ng malayang talakayan gamit ang sagot ng mga mag-aaral sa inihandang graphic organizer.

**IKA-APAT NA ARAW**

**A. Pinatnubayang Pagsasanay (REFORM O COUNTER)**

Magpapakita ng mga pahayag ang guro matapos ay susuriin ng mga mag-aaral kung ito ba ay paniniwala ng Repormasyon (REFORM) o Kontra-Repormasyon (COUNTER). Matapos ay ipapaliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang kasagutan.

______________1. Naniniwala sa ideya ng sola fide o "faith alone"

______________2. Nagsasagawa ng mga inquisitions para supillin ang mga kaaway ng simbahan.



______________3. Tinutuligsa ang pagbabayad para sa "indulhensya"

______________4. Napagkasunduan na ang mga pari ay dapat manatiling walang asawa

______________5. Ito ang naging tugon sa mga nagaganap na kurapsyon sa simbahang katoliko

SAGOT:

1. REFORM
2. COUNTER
3. REFORM
4. COUNTER
5. REFORM

| | | |
|---|---|---|
| | **B. Paglalapat at Pag-uugnay (LETTER TO GOD)**<br>Ngayon ay naunawaan ng mga mag-aaral ang mga pagkilos tungkol sa paraan ng kanilang pananampalataya lalo na sa Kristiyanismo. Marami ng naging problema at isyu ang Simbahang Katoliko ngunit marami pa rin ang patuloy na nananampalataya dito. Gaya ng matibay na pananampalataya ng mga Katoliko, ang mga mag-aaral ay bubuo ng isang liham para sa diyos na kanilang pinapaniwalaan. Maari nila sabihin kung ano ang kanilang saloobin sa mga isyu na naririnig nila sa kanilang relihiyon ngunit mahalagang makita kung paano sila mamumuhay ng may kaayusan at kapayapaan. Matapos ay ibabahagi nila ito sa kanilang klase.<br><br><br>**https://www.needpix.com/about** | Inaasahan na magkakaiba ang mga sagot ng mga mag-aaral depende sa kanilang pagkakaunawa sa aralin. Palalimin ang talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong sa klase. |
| **D. Paglalahat** | **A. Pabaong Pagkatuto (Diagram ng aking Natutunan)**<br>Batay sa napag-aralan,isulat ang mga natutuhan sa Diagram at ipaliwanag kung ano ang naging epekto nito sa iyo bilang mag-aaral.Ipaliwanag ang sagot.<br><br> | Inaasahan na magkakaiba ang mga sagot ng mga mag-aaral depende sa kanilang pagkakaunawa sa aralin. Palalimin ang talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong sa klase.<br><br>Inaasahan na magkakaiba ang mga sagot ng mga mag-aaral depende sa kanilang |

| | | |
|---|---|---|
| | **B. Pagninilay sa Pagkatuto (Reflection Journal)**<br>Isulat sa reflection journal ang nilalaman ng iyong isip tungkol sa paksang natalakay. Gamitin ang mga gabay na tanong sa pagsusulat.<br><br>1.Alin sa mga paksa ang nakapukaw ng iyong interes?<br>2.Sinu sino sa mga taong natalakay ang nais mong tularan dahil sa kanilang mga naging kontribusyon?<br>4.Paano nakatulong ang mga aralin na ito upang mapaunlad pa ang iyong pang unawa sa mga kaganapan sa kasalukuyang panahon?Magbigay ng halimbawa. | pagkakaunawa sa aralin. Palalimin ang talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong sa klase. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit (COLLAGE)**<br>Natapos na ng mga mag-aaral ang aralin na ito, ngunit kailangan nila pagnilayan ang aralin na ito sa pamamagitan ng pagbuo ng isang collage. Ang "collage" ay isang sining o proseso sa paglikha ng bagong larawan o obra sa pamamagitan ng pagkolekta, pagputol, at pagkabit ng iba't ibang mga larawan, teksto, at iba pang mga elemento mula sa iba't ibang mapagkukunan.<br>Bubuo ang mga mag-aaral ng isang collage tungkol sa mga kontribusyon ng Renaissance, Repormasyon at Counter Repormasyon sa kasalukuyan. Gamit ang mga dalang magazine, news clips o larawan ay bumuo sila ng isang imahe na nagpakita ng implikasyon ng Renaissance at Repormasyon sa kasalukuyan.<br>Mamarkahan ang kanilang gawa batay sa sumusunod. | Maari ipakita ang halimbawa na ito para maunawaan ang collage<br><br>Sanggunian:<br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Infobox_Collage_of_Famous_Christians.jpg |

| Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| ***Pagkakabuo at Organisasyon*** (Ang mga elemento ng collage ay dapat maayos na inayos upang mabuo ang isang buong larawan o konsepto.) | **20** |
| ***Paggamit ng Mga Materyales*** (Ang mga materyales na ginamit sa collage ay dapat na may kaugnayan sa tema o mensahe) | **10** |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3"><table><tr><td>Malikhain (Dapat nagpapakita ng kakaibang pananaw o interpretasyon sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang mga elemento at pagpapahayag ng personal na saloobin)</td><td>10</td></tr><tr><td>KABUUHAN</td><td>40 puntos</td></tr></table></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<ul><li><u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</li><li><u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br><br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</li></ul></td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | - ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |